


HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 5 Blg.49

Abril 12-18, 2021


P10.00



SM CITY ROSARIO IS VENUE PARTNER OF RESBAKUNADO TAYO, MGA TAGA ROSARIO!

MY CITY, MY SM, MY ART Bringing Art and People Together

My City, My SM, My Art, which recently launched its book just in time for the National Arts Month, is the latest edition in the My City, My SM series, which celebrates the beauty, culture, traditions, and great people in cities around the Philippines where SM has malls.



A Celebration of Philippine Visual Arts



Just in time for National Arts Month, SM launches My City, My SM, My Art, which chronicles the project's three-year cultural journey around the SM Supermalls. A celebration of Philippine visual arts – painting, sculpture, printmaking, photography, and filmmaking – it brings art and people together through exhibits, workshops, and contests.



pahina
2

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

SM CITY ROSARIO IS VENUE PARTNER OF RESBAKUNADO TAYO, MGA TAGA ROSARIO!

SM City Rosario in partnership with Municipality of Rosario, is the first mall in the Province of Cavite to be the venue partner of vaccination drive entitled Resbakuna Tayo, Mga Taga Rosario.

SM City Rosario's spacious Cinema hallway will be temporarily repurposed to cater to the vaccination activity.

"With its convenient location, accessibility, well-ventilated space, and strong safety protocols in place, SM was the top venue choice in holding the vaccination program," says Dr. Noriel C. Emelo, Rosario Cavite's Municipal Health Officer.

Present during the signing of the confirmation of activity are Hon. Municipal Mayor Jose "Voltaire" Ricafrente III, Dr. Nelson Soriano, Provincial Health Officer I, Dr. Lorenzito Atangan, Medical Officer III - RHU, Ms. Lorenza Seráfica, RN, MAN, PhD, Provincial Health Team Leader from the Department of Health - Cavite, Engr. John Jason Terrenal, SAVP for SM Supermalls - South Region, and Ms. Roxanne

M. Pangilinan, SM City Rosario Mall Manager.

"SM will continue to offer our malls as a venue partner for Local Government Units nationwide to help speed up the process of vaccination. We started this in Rosario, Cavite but expect our counterparts in Luzon, Visayas, and Mindanao to replicate and extend the same support to their respective cities and municipalities," says Engr. John Jason Terrenal, SAVP for SM Supermalls - South Region.

The vaccination rollout will prioritize health workers, front liners, senior citizens, and indigents as identified by the DSWD. There are 12,000 recipients from this sector that are expected to receive their initial vaccines.

To help curb the spread of COVID-19 and keep its customers safe, SM Supermalls continues to do its part by strengthening its safety protocols. SM has also launched Trace Together, a nationwide end-to-end contact tracing solution that is compliant with government and data privacy guidelines.

2,925 bagong kaso ng COVID-19 naitala sa Calabarzon; aktibong kaso higit 16K na

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) -- Umakyat na sa 16,860 ang aktibong kaso ng COVID-19 sa Calabarzon, matapos makapagtagala ng 2,925 panibagong kaso ang Department of Health Region 4A ngayong Martes, Abril 6.

Sa official COVID-19 bulletin, iniulat ng DOH 4A na pumalo na sa kabuuang 100,440 ang kabuuang bilang ng kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa rehiyon magmula noong Marso 2020.

Pinakamataas na panibagong kaso ang naitala sa Cavite sa bilang na 1,844; kasunod ang lalawigan ng Rizal na mayroong 612 new cases; Batangas-247 new cases; Laguna-145

new cases; Quezon-73 new cases; at Lucena City na mayroong 4 new cases. Nangunguna rin ang lalawigan ng Cavite sa may pinakamataas na aktibong kaso ng COVID-19 sa rehiyon na umabot na sa 6,303.

Sinundan ito ng lalawigan ng Rizal na may 3,511 aktibong kaso; Laguna-3,258; Batangas 2,794; Quezon-927; at, Lucena City na may 67 aktibong kaso.

Samantala, 1,165 panibagong paggaling naman ang naitala ng DOH 4A habang 70 na pasyente ang nadagdag sa bilang ng mga pumanaw dahil sa COVID-19.

Sa ngayon, umabot na sa 80,901 ang kabuuang bi-

Bangkay, natuklasan sa masangsang na amoy

DAHIL sa masangsang na amoy ay natuklasan ang bangkay ng 52-anyos na lalaki sa loob ng bahay nito sa Bacoor City, Cavite.

Hinihinalang limang araw nang patay bago nadiskubre ang bangkay ng biktima ng si Joel Espiritu, ng Espiritu compound Brgy Habay 1, Bacoor City.

Sa salaysay ng kamag-anak ng biktima na si Homer Espiritu kay Pat Jerome Asid, ng Bacoor City Police, dakong alas-5:30 ng hapon nalamam na patay na ang biktima dahil sa masangsang na amoy na nagmula sa kanyang bahay dahil sa ipagbigay alam sa pulisya.

Huling nakitang buhay ang

biktima may limang araw na ang nakakalipas kung saan napansin na nakainum ito.

Binale-wala ang hindi paglalabas ng bahay ng biktima dahil sa umiiral na ECQ.

Nang magsimulang magkaroon ng masangsang na amoy ay doon lang natuklasan ang bangkay.

Inaalam din ng pulisya kung may naganap na foul play sa pagkamatay ng biktima bagama't wala namang ebidensiya na pinasok ang kanyang bahay o palatandaan na sinaktan o pinahirapan, pero naniniwala ang mga kapitbahay na dumaranas ito ng hypertension. **GENE ADSUARA**

Wanted, nanlaban; bulagta sa pulisya

PATAY ang isang miembro ng Villar Drug Group at No. 2 Most Wanted Person nang nanlaban sa awtoridad habang isinisilbi ang warrant of arrest laban sa kanya sa Naic, Cavite.

Kinilala ang napatay na si Ricky Caponpon, alias "Ricky", 32, ng Brgy Timalan, Concepcion, Naic.

Sa ulat ni PSSgt Richard Atienza, ng Naic Police Station, dakong alas-9:45 Martes ng umaga ay isinilbi ng operatiba ng Naic MPS ang warrant of arrest sa suspek sa kanyang bahay sa kasong Robbery with Violence or Intimidation

of Persons, Robbery in an inhabited house or public building or edifice devoted to worship.

Pero imbes na tumalima, pumalag at nagbunot ng baril at ipinutok sa mga awtoridad na napilitang gumanti.

Sa record ng pulisya, bukod sa kasong kinakaharap ng suspek, ay miembro rin siya siya ng Villar Drug Group na nag-operate sa naturang bayan at nasa listahan ng No. 2 sa Most Wanted Person (MWP). Narekober sa suspek ang isang kalibre 38 na baril. **GENE ADSUARA**

TESDA-NCR opens training on motorcycle, small engine servicing

PASIG CITY (PIA) -- Learn about motor engines and how to service them, as the Technical Education and Skills Development Authority-National Capital Region (TESDA-NCR) opens its training on Motorcycle/

lang ng mga pasyenteng gumaling habang 2,679 naman ang bilang ng mga pumanaw.

Patuloy naman ang DOH 4A sa pagbibigay ng paalala sa publiko na palagiang sundin ang minimum health protocols upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. **(FSC)**

Small Engine Servicing NC II program.

According to TESDA-NCR, the course is designed to enhance the knowledge, skills and attitudes of an individual in the field of motorcycle/small engine servicing in accordance with industry standards.

It covers core competencies such as; service engine system; service electrical system; service chassis and overhaul motorcycle engine.

This course is also designed to equip the individual the basic and common knowledge, skills and

Calamba City exempts elderly, PWDs from documentary fees

CALAMBA CITY (PIA) - Senior citizens, persons with disabilities (PWDs), and single parents in this city no longer need to pay for medical certificates, and other documents from private institutions.

Last March 22, the Calamba City Council approved their City Ordinance No. 708, which aims to exempt senior citizens, PWDs, solo parents, and indigent citizens from paying for the issuance of documents from private institutions, including hospitals and schools. Documents that can be requested for free include medical certificates, statements of account, hospital bills, medical abstracts, price quotations, school grades, certificates of enrollment, and similar or related documents.

Applications for these documents that are either

unpaid, or not yet paid in full, are also covered in the ordinance.

Residents who may enjoy this privilege must present their proof of identification, such as Senior Citizen ID, PWD ID, Solo Parent ID, or Certificate of Indigency issued by the City Social Services and Youth Development Office (CSSYDO), or the barangay chairperson where the applicant is residing.

Along with the barangay chairpersons, the CSSYDO will update their records to determine the indigent residents in their areas of jurisdiction.

Institutions that will violate the ordinance will be fined from P1,000 to P5,000, or imprisoned for not more than sixty (60) days, at the discretion of the presiding court. **(PB)**

COVID-19 bed capacity sa dalawang ospital sa Laguna, puno na

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) — Umabot na sa full bed capacity para sa mga pasyenteng may COVID-19 ang dalawang pribadong ospital sa Laguna dahil sa tumataas na bilang ng kaso ng nakahahawang sakit.

Sa abiso ng Perpetual Help Medical Center sa Biñan City, sinabi nito na umabot na sa full bed capacity ang kanilang ospital para sa mga pasyenteng may COVID-19 at okupado na rin ang kanilang mga intensive care units.

Mananatili naman anilang bukas ang kanilang ospital para sa mga non-covid patients, outpatient diagnostics and centers, at emergency room services.

Sa Calamba City, nagnanunsiyo rin ang Calam-

ba Doctors Hospital na hindi muna ito tatanggap ng mga pasyenteng may COVID-19 dahil umabot na sa 'maximum allocated bed capacity' para sa mga pasyenteng may COVID-19 ang kanilang ospital.

Malapit na rin anilang mapuno ang kapasidad ng kanilang emergency rooms na hanggang sa ngayon ay may mga pasyenteng naghihintay na ma-admit.

Nag-abiso rin ito sa mga pasyenteng may COVID-related conditions na magtungo muna sa ibang ospital hanggang sa sandaling maaari na silang tumanggap ng pasyente.

Mananatili naman anilang bukas ang kanilang outpatient inpatient services para sa mga non-covid cases.

Sa pinakahuling ulat ng Department of Health Region 4A, umabot na sa 3,258 ang bilang ng aktibong kaso ng COVID-19 sa Laguna, matapos itong makapagtagala ng 145 panibagong kaso ngayong Martes, Abril 6.

Kasama ang Laguna sa mga lugar na isinailalim sa enhanced community quarantine hanggang Abril 11 upang mapababa ang pagdami ng kaso ng COVID-19. **(FSC)**

attitudes of the motorcycle mechanic in accordance with industry standards.

Interested trainees should possess the following basic requirements:

- At least Senior High School (Grade 11) level;
 - At least holder of Student Permit or LTO license (Restriction Code 1)
- For inquiries, email jmrconstantino@tesda.gov.ph. **(PIA NCR)**

LGU Naic turns over new command center to Coast Guard

TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA) --The local government of Naic turned over to the Philippine Coast Guard (PCG) last March 29, a newly constructed building that will serve as command center of the PCG stationed in the municipality.

Naic Mayor Junio Dualan led the turn over of the P1.3M one-storey, two-room building located within the compound of the Cavite State University (CavSU)-Naic campus in Barangay Bagong Kalsada to PCG NCR-CL Commander, Commodore Leovigildo Panopio.

"Ito pong bagong tanggapang ng Coast Guard-Naic ay pinaglaanan po natin ng budget para sa higit na pagpapalawig ng pagbantay sa baybay dagat ng ating bayan," said Mayor Dualan.

(We had allocated budget for this new office of the Coast Guard to further strengthen their surveillance of the coastal areas in our municipality.)

PCG Cavite Provincial Commander Lt. Michael Encina and Naic Councilor Raffy Dualan, Chair of the Committee on Fisheries and Aquatic Resources witnessed the simple ceremony held at the Seaside Resort and Hotel.

Lt. Encina in an interview said, "Higit pa po namin papaigtingin ang aming trabaho bilang mga bantay baybaying dagat para sa kaligtasan ng mga mangingisda at turismo sa bayan ng Naic, bilang suporta sa LGU."

(We will further intensify our work as coastal guards for the safety of fishermen and tourism in the town of Naic, in support to the LGU.)

During the short program, Mayor Dualan revealed that plans are in the works for the construction of the new building for the PNP Maritime Group office in Barangay Labac and four new sub-stations of the Philippine National Police (PNP)-Naic. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from Dennis Abrina)**

Isolation facilities dinagdagan dahil sa pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa Lalawigan ng Batangas

LUNGSOD NG BATANGAS (PIA) --Agarang ipinag-utos ni Governor Hermilando Mandanas ang paglalagay ng mga karagdang isolation facilities kaugnay sa patuloy na pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa lalawigan ng Batangas. Sa regular na Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-MEID) meeting noong ika-29 ng Marso 2021, binigyang-diin ng gobernador na, bukod sa isolation facilities sa mga district hospitals, isolation facilities sa Malainin, Ibaan at 12 na silid sa isang gusali sa Provincial Sports Complex sa Brgy. Bolbok, Batangas City, mahalagang magkaroon pa ng mga karagdang pasilidad bilang kahandaan sa pagtugon sa pagtaas ng daily cases ng new corona virus. Kaugnay nito, agad na-

mang tumalima ang Provincial Disaster Risk Reduction Management Office, kabalikat ang Provincial Health Office, na kasalukuyang naghahanda ng karagdang isolation areas sa gymnasium din ang bagong covered area sa Provincial Sport Complex. Naglalagay din ng pasilidad sa Dream Zone sa Kapitolyo, sa Lungsod ng Batangas, bilang back-up facility para sa mga empleyado ng pamahalaang panlalawigan. Ang hakbang na ito ay isinakatuparan dahil sa puno na ang mga isolation hotels ng Oplan Kalinga sa lalawigan dahil ang mga pasyenteng mula sa National Capital Region at ibang lalawigan ng CALA-BARZON ay doon din dinadala. Maging ang ibang mga isolation facilities ng lalawigan ay halos puno na rin.

USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

'Buwaya'

SADYA namang hindi matatawaran ang hirap ng trabaho ng isang traffic enforcer.

Bilad sa matinding sikat ng araw at kapag may pag-uulan naman ay suot ang raincoat.

Dagdag pa ang mga pagkakataong may nararanasan at nakakaharap na makulit at mayabang na motorista.

Kaya naman saludo tayo sa lahat ng traffic enforcer lalung-lalo na sa mga maayos, tama at tapat sa pagtupad sa kanilang tungkulin.

Maayos, tama at tapat? Hindi naman maiaalis na may ilang 'baluktot' na traffic enforcer.

Lahat naman ng uri ng trabaho ay mayroon at mayroong kawani o mag-ing opisyal na gumagawa ng anomalya o mali.

Pero ano nga ba ang pangunahing misyon ng traffic enforcer?

Una sa lahat ay ang pagmando ng trapiko upang mapanatili ang magandang daloy ng mga sasakyan.

Bago pa man magtungo at tumayo sa lansangan ay may kaakibat ng instruction o kautusan

mula sa kanilang hepe o team leader.

Tanong ng nakararami ay bakit mas marami sa kanila ang agresibo sa panghuhuli.

Ang siste ay napa-pabaya na ang pagmamantini sa daloy ng trapik.

Halimbawa sa isang intersection na mayroong traffic light, pinupuna ng ilang motorista ang style ng ibang enforcer.

Kung kayo ay laman ng lansangan at madalas sa pagbibiyahang marahil ay batid ninyo ang ipinupunto natin gayundin ang iba pang kaganapan na may kaugnayan sa galaw ng mga traffic enforcer.

Sa maikling salita ay may ilang enforcer na 'buwaya' kung bansagan ng nakararami.

Uulitin ko, hindi natin nilalahat subalit sadyang mayroong mga 'buwayang' enforcer.

Pero kung sa tingin ninyong kayo ay nasa legal at wasto ay huwag matakot na ipaglaban ang inyong paninindigan.

At uulitin ko, saludo tayo sa mga traffic enforcer na hindi 'buwaya.'

Bukod dito, itinuturing din ito bilang paghahanda sa pinangangambahang posibilidad na pagputok ng Bulakang Taal. Ang mga naitayong karagdang tents ay maaaring gamitin sa oras o evacuation.

Nabanggit din ng gobernador sa pagpupulong na paparating at nalalapit na ang delivery ng mga multi-purpose rescue vehicles na nakalaan para sa mga barangay sa buong lalawigan. Layunin ng proyektong ito na mapalakas at mapabilis ang kapasidad ng mga barangay sa pagbibigay ng serbisyo publiko higit lalo na sa panahon ngayon ng pandemya. Samantala, muli ring ipi-

naalala ni Governor Mandanas sa mga kababayan ang kahalagahan ng samasamang paglaban kontra sa COVID-19 pandemic sa pamamagitan ng pagtalima sa mga alituntuning ipinatutupad ng pamahalaan at pagsunod sa itinakdang Hugas,Iwas at Mask.

Sa huling tala ng Provincial DOH Batangas, Abril 4, 2021 nasa 2,556 ang aktibong kaso ng COVID 19 sa lalawigan. Sa kabuuan ay may 16,581 na ang naitalang kaso ng COVID 19 simula noong nakaraang taon hanggang sa kasalukuyan. **(Bhaby P. De Castro-PIA Batangas with reports from PIO PROVINCE)**

EDITORIAL

Wala ng silungan

MAGSISILBI muling quarantine facilities ang ilan sa mga paaralan sa bansa.

Bunsod ito ng mabilis na paglobo sa bilang ng mga kaso ng mga bagong infected ng COVID-19.

Payag naman ang Department of Education bilang quarantine facilities ang ilang school buildings.

Sa pangyayari ay apaw na ang mga pagamutan at hindi na makatanggap ng mga pasyenteng may ganitong virus.

Hindi naman maaaring ipagdamot ang mga eskuwelan kung sadyang kailangan bilang tugon sa krisis sa mga pagamutan.

Ang mahirap nga lamang kung sa mga hindi inaasahang pagkakataon ay may umusbong na kalamidad at ang mga paaralan ang nagsisilbing silungan o evacuation center.

'Wag naman sana na may sasabay pang ibang kalamidad habang nasa panahon pa ng pandemiya dahil wala ng silungan.

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



ROMEO S. SANTOS
Publisher/editor-in-chief

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

Contact#: 0977-7844136/ 09298127638
Email: ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 23
TRECE MARTIRES CITY

IN RE: PETITION FOR CORRECTION
OF TECHNICAL DESCRIPTION IN
TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE
NO. T-1196868

ACM PROPERTY VENTURES INC.,
REPRESENTED BY JOSE NINO GOMEZ,
Petitioner

LRC CASE NO. 5964-071-14

-versus-

REGISTRY OF DEEDS FOR THE
PROVINCE OF CAVITE

Respondent.

X ----- X

ORDER

A verified petition for correction of technical description of Transfer Certificate of Title No. T-1196868, in the name of registered owner, was filed by the petitioner.

Finding the aforementioned petition to be sufficient in form and substance. The same is hereby set for initial hearing on **August 12, 2021** at 8:30 in the morning, where any and/or all parties interested may oppose the said petition.

Let a copy of this Order be published at least once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation within the Province of Cavite at the expense of the petitioner and be posted at the Bulletin Board of Government Center Building, Trece Martires City, Public Market, Municipal and Barangay Hall, where the property is situated as well as on the land itself located at Barangay Navarro, Municipality of Gen. Trias, Cavite, and other copies together with the petition be furnished the Register of Deeds for the Province of Cavite, Office of the Land Registration Authority, Office of the Land Management Bureau, Office of the Solicitor General, Petitioner and its counsel.

In view thereof, the petitioner or his/her duly authorized representative is hereby directed to immediately coordinate with the Sheriff of this Court as regards the posting of this Order on the land which is the subject of this petition.

SO ORDERED.

Trece Martires City, March 5, 2021

PURIFICACION A. BARING TUVERA
Presiding Judge

Copy Furnished:

Atty. Maria Inez c. Togle
4th Floor, CSJ Building, 105 Aguirre St.,
Legaspi Village, Makati City 1229

ACM PROPERTY VENTURES INC.,
c/o JOSE NINO GOMEZ
5/F CSJ Building, 105 Aguirre St.,
Legaspi Village, Makati City 1229

Registry of Deeds for the Province of Cavite
Capitol Site, Trece Martires City, Cavite

Office of the Solicitor General
134 Amorsolo St., Legaspi Vill.,
Makati City

Office of the Land Registration Authority
LRA Bldg., East Ave., Diliman, Quezon City

Office of the Land Management Bureau
880 F.R.E Building Quezon Ave.,
Barangay Paligsahan, Quezon City 1111

Publication: HANEP March 29, April 5 and 12, 2021

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 21
IMUS CITY, CAVITE

**NATIONAL HOME MORTGAGE
FINANCE CORPORATION**

Mortgagee/Assignee,

-versus-

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF
REAL ESTATE MORTGAGE UNDER
ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

F.C. NO. 16943-19

**JOSE L. SERING, JR, married to
MARISSA V. SERING**

Mortgagors,

----- X

AMENDED NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**, Mortgagee/Assignee, with principal place of business at 4/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against **JOSE L. SERING, JR. married to MARISSA V. SERING**, mortgagors, with residence and postal address at Lot 10, Blk. 4, Golden City-Imus, Brgy. Anabu 2, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 31, 2019 amounts to **TWO MILLION FIVE HUNDRED TWENTY EIGHT THOUSAND EIGHT HUNDRED TWENTY FOUR PESOS & 36/100 (Php 2,528,824.36)**, Philippine Currency excluding interest and penalties, attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the undersigned Sheriff will sell at public auction on **APRIL 27, 2021 at 10:00 A.M.** or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-374074

"A parcel of land (Lot 10, Blk.4 of the cons.-subd. plan, Pcs-042109-006645, being a portion of Lots 8, 10, 12, 14 & 16, Blk. 4, Pcs-04-006191, L.R.C. Rec. No. 8843), situated in the Brgy. of Anabu II, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Is. Of Luzon. Bounded on the SW., along line 1-2-3 by Road Lot 5, Pcs-04-006191, (8.00 m. wide), on the NW, along line 3-4 by Lot 12, Blk.4; of the cons.-subd. plan. on the NE., along line 4-5-6 by Lot 11, along line 6-7 by Lot 9 all of the Blk. 4, Pcs-04-006191, on the SE, along line 7-1 by Lot 8, Blk.4, all of the cons.-subd. plan. x x x containing an area of ONE HUNDRED TEN SQUARE METERS AND TWELVE SQUARE DECIMETERS (110.12)" x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **MAY 4, 2021 at 10:00 A.M.** without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, March 18, 2021

WILMAR M. DE VILLA
Sheriff IV

APPROVED:
ARMIE A. FRANCISCO
Clerk of Court V
Officer-in-Charge

COPY FURNISHED:

**NATIONAL HOME MORTGAGE
FINANCE CORPORATION**
4/F Filomena Bldg.104 Amorsolo St.
Legaspi Village, Makati City 1229

SPS. JOSE, JR. AND MARISSA V. SERING
Lot 10, Blk. 4, Golden City-Imus, Brgy. Anabu 2
Imus, Cavite and 170-C Suerte St., Pasay City 1300

Publication: HANEP March 29, April 5 and 12, 2021

Judiciary workers now included in A4 vaccination group

MANILA – The Supreme Court (SC) on Monday said its request for inclusion in the priority vaccination group A4 was granted by the National Task Force (NTF) Against Covid-19.

A request was sent to NTF chief implementer Secretary Carlito Galvez Jr. on March 31, seeking to consider justices, judges and court personnel of the Philippine judiciary as frontline government workers whose functions are essential at all times, especially during the pandemic.

"With the NTF's favorable action on our request, the details of implementation shall be immediately worked out in order to swiftly roll out the inoculation program soonest," acting Chief Justice Estela Perlas-Bernabe said in a notice to court workers.

She said the NTF informed them that vaccines arriving this month shall have allotment for the judiciary.

A4 is composed of non-

medical public and private essential workers who face clients but cannot consistently meet minimum health standards like air circulation, physical distancing and limited exposure time.

In February, the Supreme Court (SC) announced it will be procuring Covid-19 vaccines, approved during an en banc session held on Jan. 26, for all justices, judges, officials, and personnel of the judiciary.

The decision was upon the recommendation of the Office of Administrative Services, Fiscal Management and Budget Office, and the Office of the Court Administrator with an estimated cost of PHP19 million chargeable against the regular appropriations or savings of the SC, Presidential Electoral Tribunal, Court of Appeals, Sandiganbayan, Court of Tax Appeals, and the lower courts.

The measure will cover more than 30,000 members of the judiciary. **(PNA)**

Papaano mag-register para sa COVID-19 vaccine ang isang taga-QC?

Residente o nagtatrabaho ka ba sa Lungsod Quezon?

Gusto mo bang mabakunahan kontra COVID-19? Ibinahagi ng Quezon City Government ang sistema kung papaano mag-register para sa COVID-19 vaccine rollout sa lungsod.

QCcitizens o QC worker, narito ang dalawang paraan upang makapag-rehistro para sa iyong bakuna kontra COVID-19:

ONLINE SELF-BOOKING
Mag sign-up as patient sa EZConsult website <https://app.ezconsult.io/signup>.

Maari rin i-download ang EZConsult App sa App Store o Google Play.

Matapos mag-sign up, ang iyong account ay susuriin para sa iyong eligibility base sa DOH Priority List.

Tandaan na ikaw ay makakapag-schedule lamang kung ikaw ay kasama sa kasalukuyang priority group na binabaku-

nahan. Hindi kinakailangan ang QCitizen ID para makapag-register sa EZConsult, ngunit kailangan ng personal email at mobile number para sa registration.

ASSISTED BOOKING – QCitizen ID Required

Hintayin ang tawag/text mula sa inyong Barangay para sa iyong COVID-19 vaccination schedule base sa DOH Priority Group.

Dahil sa kasalukuyang ECQ, sarado ang mga QCitizen ID registration sites. Maaring mag-register online sa <https://qceservices.quezoncity.gov.ph/>

Para sa mga katanungan ukol sa bakuna, mag-email lamang sa qcprotektodo@quezoncity.gov.ph

Ang ligtas at mabisang mga bakuna ay mahalagang bahagi kung paano natin maprotektahan laban sa COVID-19 ang ating mga mahal sa buhay. **(PIA NCR)**

HUSTISIYA, APELA NG PAMILYA NI DARREN

HUMIHINGI ng hustisiya ang mga kaanak ng lalaking namatay dahil umano sa parusang inabot nito matapos na nahuli sa kasong curfew sa Gen Trias City, Cavite kamakailan. Ito ang apela ng pamilya ng biktimgang si Darren Manaog Peñaredondo, 28, ng Tejero, Malabon, Gen Trias City.

Sa Facebook account ng isa sa pamilya ng biktimgang, gabi ng Huwebes Santo nang arestuhin si Darren dahil sa paglabag sa curfew.

Ikinatuwiran ng pamilya ng biktimgang na may dahilan naman ang paglabas ni Darren dahil bibili ito ng mineral water para sa kanyang pamilya.

Matapos umanong hulihin ay dinala sa Gen Trias City, Malabon Police Station kasama ang iba pang mga curfew violators.

Bilang parusa sa kanila ay kinakailangang mag-pumping sila ng 100 beses.

Umbot umano ng 300 bilang ang ginawang pagpa-pumping ng biktimgang pinalipas ang magdamag bago sila pinauwi.

Sinabi umano ng mga pulis na kailangang sabay-sabay ang pagpumping kung kaya naka ilang ulit umano ang mga violator.

Umbot umano sa 300 bilang ang ginawang pumping na walang pahinga at pinalipas ang magdamag bago pinauwi.

Nabatid na alas-8:00 na kinaumagahan (Biyernes Santo) nang nakauwi si Darren na halos hindi na makalakad at iniinda ang hirap.

Bago nagpahinga ang biktimgang ay naukuwento umano sa kanyang mga kamag-anak na ilang beses siyang natumba habang nagpa-pumping.

Sabado de Gloria ng madaling araw nang kinumbulsiyon at nanigas ang biktimgang subalit naagapan umano siya hanggang sa naulit ang kanyang paninigas dahilang upang itakbo sa ospital kung saan nacomatose ito at pagkalipas ng ilang oras ay binawian ng buhay.

Kaugnay nito ay sinibak ni Cavite Provincial Police Office, CAVPPO Provincial Director, Col. Marlon San-

tos ang hepe ng General Trias City Police Station na si Lt. Col. Marlo Solero.

Matatandaan unang itinanggi ni Solero ang insidente gayunman ay personal na nag-imbistiga si Santos at nakaharap ang dalawa pang curfew violators na kapwa nagpatotoo sa pangyayari sa pamamagitan ng kanilang isinuniting affidavit of complaint sa tanggapan ng CAVPPO.

Dahilan naman ito upang ang dalawa pang pulis na sina Cpl. Jerome Vibar at Cpl. Kenneth Mercene, na kapwa sangkot din sa insidente, ay kasalukuyang nasa kustodiya ni Santos.

Sinusulat ito ay gumugulong pa rin ang imbestigasyon ng pulisya habang tatlong mambabatas ang naghain ng House Resolution No. 1697 para sa hiwalay na pagsisiyasat. **GENE ADSUARA**

Sekyu, dedo sa poste ng PLDT

NASAWI ang 32-anyos na security guard nang sumalpok sa poste ng PLDT ang minamaneho nitong motorsiklo sa Dasmariñas City, Cavite.

Kinilala ang biktimgang si Zydee Kristoff Montalban, ng Block 5 Lot 6 San Antonio De Padua 1, Dasmariñas City, na namatay sa pinangyarihan ng insidente.

Sa ulat ni Corporal Norman Guerra, ng Dasmariñas City Police Station, alas-5:30 ng umaga naganap ang insidente kung saan

Tirahan ng 200 pamilya 'naabo'

DAHIL sa napabayaang nakasinding ilaw ng gasera, tinatayang 200 pamilya ang nawalan ng matitirhan nang lamunin ng apoy ang bank house na kanilang tinutuluyan sa Dasmariñas City, Cavite.

Sa ulat ni Corporal Aaron John Golo, ng Dasmariñas City Police Station, dakong alas-3:28 ng hapon nagsimula ang sunog sa loob ng isang bank house na nagsisilbing tirahan ng may 200 pamilya sa Brgy. Sta Cruz 1, Dasmariñas City.

TUV SUD Asia Pacific Awards ISO 9001:2015 Certification to Subport of Dumaguete

THE BOC Subport of Dumaguete was formally awarded the ISO 9001:2015 Certification by TuvSud Asia Pacific in a virtual awarding ceremony held last Monday—officially making it the first Subport in the country to be ISO certified.

The activity was attended by BOC Commissioner Rey Leonardo B. Guerrero, the Deputy Commissioners and District Collectors, Subport Collector of Dumaguete Fe Lluelyn G. Toring, and customs personnel from the Subport. TuvSud Asia Pacific Business Development Manager Rustan V. Torre awarded the certificate.

The ISO 9001:2015 Certification is an international standard that specifies requirements for a quality management system. Organizations use the stan-

minamaneho ng biktimgang kanyang motorsiklong Honda Beat habang binabagtas ang kahabaan ng Congressional Road sakop ng Brgy Sta Maria patungo sa direksiyon ng Area E.

Pero sa hindi nalamang dahilan nang salpuhin nito ang isang kongretong poste ng PLDT sa gilid ng kalsada at dahil sa lakas ng pagkakabangga ay tumilapon ang katawan nito sa semento na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan. **GENE ADSUARA**

Ayon kay SFO2 Warlock Bautista, ng Dasmariñas City Fire Station, hinihinalang isang naiwang nakasinding gasera ang pinagmulan ng sunog hanggang sa kumalat ito at lamunin ang kabuuan ng bank house.

Idineklarang fire under control dakong alas-4:39 ng hapon at fire-out dakong alas-5:15 ng hapon.

Wala namang naiulat na nasaktan o nasugatan at inaalam pa kung magkano ang halaga ng pinsala **GENE ADSUARA**

dard to demonstrate the ability to consistently provide products and services that meet customer and regulatory requirements.

“We owe this accomplishment to the hardwork and perseverance of each customs personnel in the Subport of Dumaguete. We thank Commissioner Rey Leonardo B. Guerrero and Deputy Commissioner Donato B. San Juan, Internal Administration Group (IAG) for spearheading the ISO certification of customs offices as one of the 10-Point Priority Programs of the Bureau. This program has indeed allowed us to demonstrate our ability to consistently provide services that meet customer and regulatory requirements. Further, our gratitude goes to the Internal Quality Management Systems Office (IQMSO) headed by MGen Leandro A. Loyao III (Ret.), and to the Port of Cebu District Collector Atty. Charlito Martin R. Mendoza, for the support and constant coordination throughout our ISO journey since 2019. This recognition is dedicated to us all – and may this distinction of being the third customs office and the first subport to be ISO certified serve as our drive to continue the delivery of a modernized and credible customs service that is among the world’s best.”, said Port Collector Toring.

To recall, the Subport passed the External Audit last March 2, 2020 where the review focused on its management system documented information and evaluation of site-specific conditions. The Final Audit was conducted on December 1, 2020 where the Subport was found to have fulfilled the requirements, hence, recommended for ISO certification. TuvSud Management Service, a German auditing and certification service provider, conducted the audits to determine Dumaguete’s conformity to the ISO standards.

ISO certification of customs units and offices is part of the initiatives of Commissioner Guerrero to stream-

Kelot, tepok; nakaladkad ng paatras na sasakyan

HINDI na umbot ng buhay sa ospital ang 48-anyos na lalaki nang makaladkad paatras ang katawan nito ng isang sasakyan habang bumibili ng ulam sa General Mariano Alvarez (GMA), Cavite.

Isinugod pa sa CARSIGMA Hospital ang biktimgang si Arnold Mayoni, ng Block 10B Lot 5, Brgy Gregoria De Jesus, GMA, subalit hindi na umbot ng buhay. Kinilala naman ang driver ng sasakyan na si Ricardo Adarayan, 47, ng Block 1 Lot 8, Brgy Gregoria De Jesus, GMA.

Sa ulat ni PSSgt Bobbie Balazo, ng GMA Police Sta-

tion, dakong alas-9:47 Huwebes ng umaga naganap ang insidente kung saan tumigil ang minamanehong sasakyan ni Adarayan sa harapan ng bahay ng biktimgang nang tawagin siya ng huli para bumili ng isdang pang-ulam.

Pero habang nasa gilid ng sasakyan ang biktimgang umandar ito paatras at dahil pababa ang kalsada ay mabilis dumausdos kasama ang biktimgang tumama ang katawan sa kongretong poste.

Isinugod pa ang biktimgang sa ospital subalit hindi na umbot ng buhay. **GENE ADSUARA**

Ilang alkalde sa Laguna, nagpabakuna na kontra COVID-19

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) — Kasunod ng pagpapahintulot ng Inter-Agency Task Force na mabakunahan ang mga mayor na nasa high-risk areas, ay may tatlong alkalde sa lalawigan ng Laguna ang nagpabakuna na bilang dadag na proteksyon laban sa COVID-19,

Kabilang sa mga ito si San Pablo City Mayor Loreto Amante ng San Pablo City na nabakunahan ng Sinovac vaccine nitong Lunes, Abril 5.

Sinabayan ni Amante ang mga medical at health care workers, veterinarians at mga tauhan ng Bureau of Jail Management and Penology.

Nagpabakuna na rin kontra COVID-19 si Calamba City Mayor Justin Chipeco na tumanggap ng unang dose ng Sinovac vaccine nitong Abril 6. Kasabay niyang binakunahan ang mga health care workers mula sa pribadong ospital sa lungsod.

Hinikayat rin ni Mayor Chipeco ang mga Calambeño na kabilang sa priority list na tanggapin ang anumang bakuna na inilaan ng gobyerno.

Aniya mas mabuti na magkaroon ng proteksiyon

line the processes of the Bureau of Customs to provide more efficient services to its stakeholders. **PR**

laban sa sakit lalo na at matagal pa ang magiging laban kontra COVID-19.

Kaugnay nito, tuloy pa rin ang nakatakdang pamamahagi sa susunod na linggo ng honorarium ng mga barangay volunteer workers at ayuda sa mga pamilyang wala sa talaan ng nagkaroon ng COVID-19 case at contact tracing. Ang mga nasabing financial assistance ay tatanggapin ng mga pangulo ng Barangay Health Workers ng iba't ibang bayan sa lalawigan.

Samantala, sa nakaraang sesyon ng Sangguniang Panlalawigan, sinabi ni Vice Governor Mark Leviste na "drastically infected" ang mga tanggapan ng kung saan marami ang nagpositibong sa naturang virus.

Pinayuhan ni Leviste ang lahat na mag-ingat lalo na ang mg akapwa mambabatas na palagiang humaharap sa publiko gayundin ang mga kawani ng SP at maging ang mga bibisita sa kanilang tanggapan na mahigpit na sundin ang minimum health standards at magsuot ng jacket o mahahabang manggas bilang karagdagan proteksyon sa sarili. **(Bhaby P. De Castro-PIA Batangas/PIO Province)**

Mobile patrol, binangga para iwas sa checkpoint

ARESTADO ang driver ng Toyota Fortuner nang banggain nito ang isang mobile patrol para makaiwas sa inspeksiyon sa checkpoint sa Bacoor City, Cavite.

Kasong Resistance and Disobedience to an agent Person in Authority, paglabag sa RA 10586 at Reckless Imprudence Resulting in Damage to Government Property ang kinaharap ng suspek na si Adrian James Recto, 27, ng Block 17 Lot 20 Verona St., Cita Italia Subd., Brgy Mambog 3, Bacoor City.

Sa ulat ni PSSgt Marvin Rae Calao, ng Bacoor City Polie, dakong alas-2:00 ng madaling araw naganap ang insidente kung saan

nagsasagsawa ng inspeksiyon ang mga operatiba ng Sector 4 Mobile sa kahabaan ng Aguinaldo Highway sakop ng Brgy Real 2.

Pinapapara ang Toyota Fortuner na may plate number na WNQ 408 pero imbes na sumunod ang driver ay pinaharurot ang sasakyan patungo sa direksiyon ng SM City Bacoor.

Tinugis siya ng mga awtoridad gamit ang Mobile patrol pero binangga ito ng suspek.

Nang arestuhin ay amoy alak ito kaya sumailalim sa Alcoholic Breath Test at nagpositibo. **GENE ADSUARA**

Palace confident Gesmundo will pursue reforms in SC

MANILA – Malacañang on Monday expressed confidence that newly-appointed Supreme Court (SC) Chief Justice Alexander Gesmundo will pursue reforms to strengthen integrity and

professionalism in the judiciary. Presidential spokesman Harry Roque made this statement as he confirmed Gesmundo's appointment in a Palace press briefing.

"Kinukumpirma ng Palasyo na pinirmahan na po ng Presidente ang appointment ni dating Associate Justice Alexander Gesmundo bilang bagong Chief Justice ng Korte Suprema ng Pilipinas (The Palace

confirms the President has signed the appointment of former Associate Justice Alexander Gesmundo as new Chief Justice of Supreme Court of the Philippines)," Roque said. Roque said Gesmundo was

not new in the judiciary, citing his years of service as Associate Justice in the SC and Associate Justice in the Sandiganbayan.

"Dahil dito tiwala kami na ipag-papatuloy ng bagong punong mahistrado na i-uphold ang judicial excellence at independence, pairalin ang rule of law, at pangunahan ang mga reporma para itaguyod ang integridad at propesyunalismo sa hudikatura (Because of this, we trust the new Chief Justice to uphold the judicial excellence and independence, enforce the rule of law, and pursue reforms to strengthen integrity and professionalism in the judiciary)," he added.

While news about Gesmundo's appointment circulated last week, Roque said he could not confirm the development yet, explaining that his office has yet to receive a copy of the appointment papers signed by the President.

Chief Presidential Legal Counsel Salvador Panelo, however, said Senator Christopher

"Bong" Go had told him about the appointment of Gesmundo.

Gesmundo, who will serve as the country's 27th top magistrate, takes over Diosdado Peralta who retired on March 27.

He is the fourth SC chief picked by Duterte and will serve until November 6, 2026.

Gesmundo first secured a seat in the SC in August 2017.

Prior to his appointment to the SC, he served as Associate Justice of the Sandiganbayan. Gesmundo obtained his law degree from the Ateneo de Manila University in 1984 and passed the Bar examinations the following year.

He entered government service as trial attorney at the Office of the Solicitor General in August 1985. He was named Assistant Solicitor General in 2002.

Senior Associate Justice Estela Perlas-Bernabe and Associate Justice Ramon Paul Hernando also applied for the SC post. (PNA)

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
FAMILY COURT
Branch 4
Imus City, Cavite

IN THE MATTER OF CORRECTION
OF ENTRIES IN THE CERTIFICATE
OF LIVE BIRTH OF MICHAEL RAY
IBGOS ARLEGUE,

(From: Virata Medical Clinic and Lying-In-Bacoor, Cavite to Virata Medical Clinic and Lying-In-Imus, Cavite (Item 4); From: not married to married on June 20, 2004; From: Virata Medical Clinic and Lying-In-Bacoor, Cavite. To: Virata Medical Clinic Lying-In-Imus, Cavite (Item 19b)

EDFERMALEE IBGOS ARLEGUE and
ARMAN L. ARLEGUE,
Petitioner,
-versus-

LOCAL CIVIL REGISTRAR OF IMUS
CITY, CAVITE and PHILIPPINE
STATISTICS AUTHORITY (PSA),
Respondents.

x ----- x

ORDER

Petitioners-spouses Edfermalee Ibgos Arlegue and Arman L. Arlegue filed this verified petition for the correction of entries in the Certificate of Live Birth of Michael Ray Ibgos Arlegue.

Petitioner-Spouses alleged in their Petition, that:

1. Petitioners are both legal age, spouses, Filipino and residents of 96 C.E. Gomez Street, City of Bacoor, Cavite, and have the child named **MICHAEL RAY IBGOS ARLEGUE** and Respondents are the office where the Certificate of Live Birth of MICHAEL RAY IBGOS ARLEGUE is registered and recorded with postal address at the City Hall, Imus, Cavite, and at East Avenue, Diliman, Quezon City, respectively, where they may be served with summons, notices and other court processes.

2. That the minor **MICHAEL RAY IBGOS ARLEGUE** was born at Virata Medical Clinic and Lying-In Clinic in Imus, Cavite on April 30, 2005. A certified copy of the birth certificate of Michael Ray Ibgos Arlegue is hereto attached as Annex "B" and made an integral part of the Petition.

3. That the petitioners were married on June 20, 2001 at St. Michael's Phil. Independent Catholic Church in Digman, Bacoor, Cavite, Philippines. A certified copy of the Certificate of Marriage is hereto attached as Annex "A" and made an integral part of the petition;

4. That there were erroneous entries or recording in the Certificate of Live Birth of the child **MICHAEL RAY IBGOS ARLEGUE**, which should be corrected, as follows

a) Entry No. 4 **PLACE OF BIRTH**- Virata Medical Clinic and Lying-In-Bacoor, Cavite, should be corrected to Imus, Cavite and Lying-In is located in Medicion, Imus, Cavite.

b) Entry No. 18 **DATE AND PLACE OF MARRIAGE OF PARENTS**: not married should be corrected to married on June 20, 2004, at St. Michael's Phil. Independent Catholic Church in Digman, Bacoor, Cavite, Philippines.

c) Entry No. 19b **CERTIFICATE OF BIRTH**: address-Virata Medical Clinic and Lying-In, Bacoor, Cavite should be corrected to Imus, Cavite, because Virata Medical Clinic and Lying-In is located at Imus, Cavite;

Hence, Entry No. 4 in the Certificate of Live Birth of Michael Ray Ibgos Arlegue, Bacoor, Cavite be corrected to Imus, Cavite; Entry No. 18, Not Married to be corrected to married on June 20, 2004, St. Michael's Phil. Independent Catholic Church in Digman, Bacoor, Cavite, Philippines; and entry No. 19b, Bacoor, Cavite to be corrected to Imus, Cavite.

5. That the petition is filed in good faith and not for the purpose of evasion or concealment of a crime, or to defraud any third person but for the benefit and welfare of the child, **MICHAEL RAY IBGOS ARLEGUE**, the son of herein petitioners.

The petitioner prays that this Court, after due notice of hearing, issue an Order directing the respondents, Local Civil Registrar of Imus, Cavite and the Philippine Statistics Authority, to correct the following Entries in the Certificate of Live Birth of Michael Ray Ibgos Arlegue, to wit:

A. Entry No. 4 Bacoor, cavite to Imus, Cavite;

B. Entry No. 18 Not Married to Married on June 20, 2004, St. Michael's Phil. Independent catholic Church in Digman, Bacoor, Cavite;

C. Entry No. 19b, Bacoor, Cavite to Imus, Cavite

WHEREFORE, finding the petition to be sufficient in form and substance, the Court hereby schedules the hearing on **June 24, 2021** at 8:30 a.m.

Let this Order be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation, as may be chosen by raffle.

The Local Civil Registrar of the City of Imus, Cavite, a representative of the PSA and the Office of the Solicitor General, and any person having or claiming any interest under the entry whose cancellation or correction is sought may, within fifteen (15) days from notice of the petition, or from the date of the publication of such notice, appear and file his Opposition thereto.

Furnish a copy of this Order to the Office of the Solicitor general, the Philippine Statistics Office, and to the Local Civil Registrar, Imus City, Cavite.

SO ORDERED.

Imus City, Cavite. February 26, 2021.

ADELIZA H. MAGNO-GINGOYON
Presiding Judge

Copy Furnished:

Office of the Solicitor General
134 Amorsolo St., Legaspi Village
Makati City

Office of the Local Civil Registrar
Imus City, Cavite

Philippine Statistics Authority
PSA Vidal Bldg., EDSA cor. Quezon Avenue, Quezon City

Atty. Antonio T. Nicolas
025 Dr. Pagtakhon St.
Poblacion, Bacoor City, Cavite

Edfermalee Ibgos Arlegue
Arman L. Arleque
Michael Ray Ibgos Arlegue
96 C.E. Gomez St., Bacoor City, Cavite

Ahmg/lyano

Publication: HANEP March 29, April 5 & 12, 2021



PASILIP SA NAUDLOT NA PHILRACOM COMMISSIONERS CUP

Dahil sa muling pagtaas ng kaso ng mga tinamaan ng covid-19 ay naudlot ang 2021 PHILRACOM Commissioners Cup na nakatakda sanang ganapin noong Marso 21, 2021 sa San Lazaro Leisure Park sa Carmona, Cavite. At dahil nagkaroon ng tila season two ang ECQ sa NCR at ibang karatig na lugar ay wala pang katiyakan kung kailan maikakasa ang prestihiyosong pakarera. Ganun pa man silipin pa rin natin ang mga tatakbo sa karerang ito at silipin din natin ang kanilang naging tiyempo sa kanilang huling itinakbo. Unahin na natin si Four Strong Wind na gagabayan ni Jeff Zarate, huling lumaban sa karera noong Pebrero 27, 2021 na kung saan ay nakalaban niya si Super Sonic. Sa karerang ito ay makikita na pinahirapan ni Four Strong Wind sakay ni Noel C. Lunar si Super Sonic. Muntik na kasi na hindi malampasan ni Super Sonic itong si Four Strong Wind ngunit nabigo pa rin si Four Strong Wind at nasegundo lamang siya. Nakapagtala si Four Strong Wind ng tiyempong 1:29.1 (13-24-24-27) para sa distansiyang 1,400 meters. Isunod natin ang kacouple runner ni Four Strong Wind na si Toy For The Bigboy na gagabayan naman ni Claro S. Pare. Huling lumaban noong Marso 13, 2021 sa pista ng Metro Turf sa Malvar, Batangas. Dito ay nanalo siya at nakapag rehistro ng tiyempong 1:25.4 (13-22-23-26) para sa distansiyang 1,400 meters. Isunod natin si Electric Truth na gagabayan ni John Alvin Guce. Si Electric Truth ay huling tumakbo noong Enero 23, 2021 at nakapagtala ng panalo sa pista ng Santa Ana Park. Siya ay sinakyan noon ni Jessie Guce sa distansiyang 1,300 meters at nakapag rehistro ng tiyempong 1:19 (7-22-23-26) ngunit noong lamang Marso 9, 2021 ay muling lumaban si Electric Truth ngunit nabigo at nakapagtala ng tiyempong 1:38.2 (17-24-26-28) para sa distansiyang 1,500 meters. Isunod natin si Super Suwerte na gagabayan ni Jessie B. Guce na huling lumaban noong Pebrero 27, 2021 sa pista ng San Lazaro Leisure Park at nanalo sa distansiyang 1,400 meters at ginawa ang tiyempong 1:29.2 (13-24-25-26) Inaasahan na si Super Suwerte ang magiging liyamado sa 2021 Commissioners Cup ngunit matatandaan na tinalo ni Pangalugian Island si Super Suwerte noong 2020 Presidential Gold Cup. Isunod natin si Great Wall na gagabayan ni Danny L. Camanero na huling tumakbo noong Pebrero 27, 2021 sa pista ng San Lazaro Leisure Park na kung saan ay pumang- apat lamang siya sakay ni MM Gonzales at nakapagtala ng tiyempong 1:30 (13-24-24-28) para sa distansiyang 1,400 meters. Dumako naman tayo sa matagal ng uhaw sa panalo na si Patong Patong na rerendahan ni Kelvin Abobo. Noong nakalipas na Pebrero ay dalawang sunod na natalo ang kabayong ito. Huling tumakbo si Patong Patong noong Pebrero 13, 2021 sa pista ng San Lazaro Leisure Park na kung saan ay pumang- anim lamang at nakapagtala ng tiyempong 1:30.4 (13-23-25-28) para sa distansiyang 1,400 meters. At ang panghuli sa listahan na si Pangalugian Island na gagabayan naman ni Mark Angelo Alvarez. Huling tumakbo sa karerahan noong Pebrero 28, 2021 sa pista ng San Lazaro Leisure Park. Pang- anim lamang si Pangalugian Island na naging mabigat ang laban sa Local/Imported Challenge Race na pinagwagian naman ng dehadong si Our Tito. Si Pangalugian Island ay nakapag rehistro ng tiyempong 1:41.4 para sa distansiyang 1,600 meters.

UMUWING OFW, ABOT NA SA .5 MILYON; DOLE-AKAP P5-B NAIPAMAHAGI

Umabot na sa mahigit kalahating milyong overseas Filipino worker (OFW) na nawalan ng trabaho dahil sa pandemyang Covid-19 ang napauwi na ng pamahalaan, pahayag ng labor department kamakailan.

Sa ulat kay Labor Secretary Silvestre Bello III, sinabi ni Overseas Workers Welfare Administration head Hans Leo Caddac na 502,581 OFW ang ligtas na nauwi sa kani-kanilang probinsiya matapos sumailalim ng Covid tests at quarantine protocols sa iba't ibang hotel. Binubuo ng 1,471 OFW ang huling batch na nakauwi sa kani-kanilang tahanan nitong Sabado de Gloria.

Sa hiwalay na ulat ng DOLE-International Labor Affairs Bureau (ILAB), may 645,071 OFW ang naapektuhan ng pandemya at 627,576 sa mga ito ang nawalan ng trabaho.

Ayon kay ILAB Director Alice Visperas, 49,698 na OFW na nawalan ng trabaho ang humiling na makauwi ng bansa samantalang 75,297 ang piniling manatili sa kani-kanilang lugar.

Batay sa record ng ILAB, tumaas ang bilang ng OFW na nahawahan ng sakit.

Nitong Abril 4, nagtala ito ng 17,495 kumpirmadong kaso ng Covid ng mga OFW batay sa ulat ng 40 Philippine Overseas Labor Offices mula sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Sa nasabing bilang, 10,155 ang gumaling, samantalang 938 naman ang nasawi.

Sinabi ni Bello na patuloy ang pamahalaan sa pagbibigay ng tulong sa mga nawalan at apektadong OFW.

"Hindi tatalikuran ng pamahalaan ang pangako nito na bibigyan ng kinakailangang tulong ang ating mga OFW. Patuloy natin silang tutulungan hangga't kakailanganin nila," wika ni Bello.

Sa ngayon, umabot na sa P5.043 bilyon ng DOLE-AKAP ang naipamahagi sa 497,122 OFW, aniya.

Ang AKAP ay isang beses na tulong pinansiyal na \$200 o P10,000 bawat kwalipikadong apektado o nawalan ng trabahong OFW.

Maliban sa AKAP, nagbibigay din ng tulong-pinansiyal, pagkain at medikal ang DOLE sa mga OFW

na nagkasakit ng COVID. Sa ngayon, umabot na sa kabuuang \$1.93 milyon tulong-pinansiyal ang nai-bigay sa mga OFW na may COVID, at \$2.6 milyon naman ang naipamahagi para sa pangangailangang medikal at pagkain ng 124,945 OFWs. (*leonard basilio*)

LGU Lipa City declares 7 barangays ASF free

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) --The city government of Lipa declared seven (7) barangays as African Swine Fever (ASF) free out of its 14 barangays affected with the virus.

The seven barangays are Bolbok, Malagonlong, Kayumanggi, Calamias, Mabini, San Francisco, and Lumbang.

Lipa City Mayor Eric B. Africa announced the declaration after the Department of Agriculture-Bureau of Animal Industry (DA-BAI) through the Bantay ASF sa Baranggay Program instituted the sentinel protocol.

The protocol states the continuous cleaning and disinfection of identified ASF-infected areas for at least 30 days and regular surveillance and testing activities to ensure the absence of virus strains.

After the mandated 30 day

24,296 tree seedlings ipinamahagi ng Batangas PG-ENRO

LUNGSOD NG BATANGAS (PIA) --Namahagi kamakailan ng iba't-ibang uri ng mga punong pananim sa mga bayan at lungsod sa lalawigan ang pamahalaang panlalawigan ng Batangas sa pamamagitan ng Provincial Government-Environment and Natural Resources Office (PG-ENRO).

May kabuuang 24,296 forest at fruit-bearing tree seedlings ang naipamahagi sa mga bayan ng San Juan, Balayan, Alitagtag, Taal, Tuy, Tingloy, Rosario, Laurel, Lian, Taysan, San Jose, Calatagan, Nasugbu, Sta. Teresita, Bauan, Lemery, at Tanauan City.

Ang mga tree seedlings o punla ay ipinamahagi naman ng mga pamahalaang lokal sa kani-kanilang mga barangay upang pamaha-

Match-up sa mga warehouse, malalaking lupa hinikayat ng DTI

LUNGSOD NG MALOLOS (PIA) -- Nanawagan ang Department of Trade and Industry o DTI sa mayari ng mga warehouse at may malalaking bakanteng lupa sa Bulacan na maki-pag match-up sa Board of Investments o BOI.

Ayon kay DTI Provincial Director Edna Dizon, tumaas ang demand sa mga nangangailangan ng bakanteng malalaking lupa at mga warehouses mula nang maisabatas ang Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises o CREATE Law.

Nilagdaan ito ni Pangulong Duterte bilang Republic Act 11534 na magpapababa ng Corporate Income Tax mula sa kasalukuyang 30 porsyento hanggang 20 porsyento.

Ipinaliwanag ni Dizon na marami pang nais mamuhunan sa Bulacan ngunit hindi matukoy kung saan partikular na ipupwesto. Kaya't kinakailangan ani-yang magkaroon ng pormal na match-up sa pagitan ng BOI, mga potensyal na mamuhunan at mga may warehouse o lupang malalaki.

Ang BOI ay isang attached agency sa ilalim ng DTI na nangangasiwa sa mga nais maglagak ng puhunan at makatamo ng mga tax incentives.

Sa punto ng pagpapatupad na sa CREATE Law, ani pa ni Dizon, ang mga special economic zones gaya ng First Bulacan Business Park ay inaasahang agad na mapupuno. Matatandaang idineklara ni Pangulong Duterte ang 25 ektaryang FBBP sa Malolos bilang special economic zone sa bisa ng Proclamation 1070.

Sa pagdadaos ng planong match-up, matutukoy kung saan-saang bayan o lungsod sa Bulacan may bakanteng malalawak na lupa at bukas na warehouses sa labas ng mga deklaradong special economic zone gaya ng sa Malolos at Santa Maria.

Target dito ang mga mamuhunang may pabrikang itatayo na magpapataas ng produktibidad ng lalawigan at magbubukas ng mga panibagong oportunidad sa trabaho. Isasagawa ang planong match-up sa mga susunod na buwan ng 2021. (*CLJD/SFV-PIA 3*)

at mga warehouses mula nang maisabatas ang Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises o CREATE Law.

Nilagdaan ito ni Pangulong Duterte bilang Republic Act 11534 na magpapababa ng Corporate Income Tax mula sa kasalukuyang 30 porsyento hanggang 20 porsyento.

Ipinaliwanag ni Dizon na marami pang nais mamuhunan sa Bulacan ngunit hindi matukoy kung saan partikular na ipupwesto. Kaya't kinakailangan ani-yang magkaroon ng pormal na match-up sa pagitan ng BOI, mga potensyal na mamuhunan at mga may warehouse o lupang malalaki.

Ang BOI ay isang attached agency sa ilalim ng DTI na nangangasiwa sa mga nais maglagak ng puhunan at makatamo ng mga tax incentives.

Sa punto ng pagpapatupad na sa CREATE Law, ani pa ni Dizon, ang mga special economic zones gaya ng First Bulacan Business Park ay inaasahang agad na mapupuno.

Matatandaang idineklara ni Pangulong Duterte ang 25 ektaryang FBBP sa Malolos bilang special economic zone sa bisa ng Proclamation 1070.

Sa pagdadaos ng planong match-up, matutukoy kung saan-saang bayan o lungsod sa Bulacan may bakanteng malalawak na lupa at bukas na warehouses sa labas ng mga deklaradong special economic zone gaya ng sa Malolos at Santa Maria.

Target dito ang mga mamuhunang may pabrikang itatayo na magpapataas ng produktibidad ng lalawigan at magbubukas ng mga panibagong oportunidad sa trabaho. Isasagawa ang planong match-up sa mga susunod na buwan ng 2021. (*CLJD/SFV-PIA 3*)

pakinabang na gawain, kabilang ang isinagawang proyekto, na naisakatu-paran katuwang ang JG Summit Petrochemicals Group, Republic Cement & Building Materials, Inc., First Gen Corporation at Malampaya Foundation Inc., Samahan ng Motorcycle Riders Against Crime (MCRAC), at tanggapan ni 5th District Board Member Bart Blanco. (*Bhaby P. De Castro-PIA Batangas / PG-ENRO - Batangas Capitol PIO*)

Karagdagang 37 bed capacity sa SPC Isolation Facility, isinasaayos na

LUNGSOD NG SAN PABLO (PIA) --Patuloy ang ginagawang pagsasa-ayos ng karagdagang mga silid sa San Pablo City (SPC) Isolation Facility bilang paghahanda ng pamahalaang lungsod sa pagtaas ng bilang ng kaso ng COVID-19.

Ang pagsasaayos ng karagdagang mga silid na mayroong 37 bed capacity ay mahigpit na tagubilin ni Punonglungsod Loreto "Amben" S. Amante kay Dra. Ruth G. Belulia, head ng SPC Isolation Facility upang magamit ng mga COVID-19 confirmed cases na kinakailangang ma-isolate.

"Sa kasalukuyan, mayroong tatlong gusali sa Dalubhasaan ng Lungsod ng San Pablo na may 65 bed capacity para sa mga COVID-19 confirmed cases at 33 bed capacity naman para sa mga close contacts/suspects ang ginagamit bilang isolation facility ng lungsod," sabi ni Dra. Belulia.

Dagdag pa ng pinuno ng SPC Isolation Facility, "Nasa full capacity na ito kaya't napaka-

laking tulong ang agad na ipinasasa-ayos ni Mayor Amben Amante na karagdagang isa pang gusali ng DLSP para sa mga nagpositibo sa COVID-19."

Matapos maisa-ayos ang mga linya ng tubig at kuryente, inasahang sa susunod na linggo ay agad na itong magagamit. Samantala, sa pinakabagong COVID-19 update ng lungsod, may 17 kumpirmadong bagong kaso ng COVID-19 ang naitala kahapon, Abril 5, 2021. Sa kasalukuyan, nasa 1,767 na ang kabuuan ng bilang ng kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa lungsod kung saan ang 1,406 ay nakarecover na at may 60 naman ang nasawi.

Ang tatlong barangay naman sa lungsod na nangunguna sa may pinakamaraming aktibong kaso ng COVID-19 ay kinabibilangan ng: Barangay Del Remedio, 32 kaso; San Francisco, 30; at Sto. Angel, 20. (*CPGonzaga at ulat mula sa CIO San Pablo FB Page*)

Timpalak sa Ulirang Guro sa Filipino 2021, pinasinayaan ng KWF

LUNGSOD NG SAN FERNANDO, Pampanga (PIA) -- Para sa mga guro na kasangga ng bayan sa paglilinan, pagpepreserba, at pagtata-guyod ng wikang Filipino at ng mga iba't-ibang katutubong wika, nararapat lamang ang isang pagkilala.

Pormal nang binuksan ng Komisyon sa Wikang Filipino o KWF ang proyektong "Ulirang Guro sa Filipino 2021", na magbibigay pugay sa mga natatanging guro na nagpamalas ng husay at inisyatiba sa pagpapalaganap ng wikang Filipino at ng mga katutubong wika sa kani-kanilang komunidad.

Base sa mga tuntunin na inanunsyo ng komisyon, inaanayahan na magsumite ng aplikasyon ang mga mentor mula sa mga lalawigan at rehiyon na gumagamit ng Filipino, at ng katutubong wika bilang midyum na panturo sa anumang asignatura o disiplina, mula elementarya hanggang tersiyarya.

Dagdag pa rito, kinakailangan din na ang mga lalalok ay may mga modyul o anumang kagamitang pampagtuturo na ginawa na nasa Filipino o anumang katutubong wika. Nararapat din na ang mga sasali ay may mga saliksik o inisyatiba na ginawa sa pagpapahusay ng pagtuturo sa Filipino ngayong pandemya.

Para sa mga kwalipikasyon, kinakailangan na ang aplikante ay rehistradong propesyonal na guro at may masterado o yunit sa masterado para sa mga guro sa kolehiyo, full-time, at may permanenteng istatus sa kanyang institusyong panturo.

Hinihingi rin ng KWF na ang mga lalalok ay nakapagturo gamit ang Filipino o ibang katutubong wika ng lima o higit pang taon at may antas ng kahusayan (performance

rating) na hindi bababa sa Very Satisfactory sa buong panahon ng paglilingkod.

Ayon sa natatanging ahen-siyang pangwika, isa ring kwalipikasyon ay dapat nakapag-ambag na sa pagpapalaganap at promosyon ng wikang Filipino at mga wikang katutubo at kultura sa larangan ng pagtuturo sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng publikasyon, seminar, pag-sasanay, at iba pang katulad na gawain ang mga kalahok.

Nararapat ding taglayin ng aplikante ang pangunguna sa pagpapahalaga sa pamanang pangwika at pangkultura ng Pilipinas kaagapay ng pagtata-guyod at pagpapalaganap sa wikang Filipino, at ng Ortograpiyang Pambansa sa pagsulat ng mga saliksik, artikulo, aklat, at iba pa.

Bibigyan naman ng malaking puntos ang mga lalalok na may makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura ng rehiyon lalo na sa agham at ibang disiplina.

Samantala, anunsyo ng KWF, magkakaroon ng paunang pagpili o preliminary judging sa lahat ng aplikasyon na tatanggapin hanggang Hunyo 1. Pagkatapos nito, ang mga mapipili ay kinakailangang magsumite ng panibagong papeles na kakailanganin hanggang Hulyo 5.

Pagbibigay din ng kilusan, makatatanggap ng medalya, pin at katibayan ng pagkilala ang mga mapipiling Ulirang Guro sa Filipino ngayong taon. Pinakaalalahanan ng opisyal na lupong tagapamahala ng wikang Filipino na marapat na bisitahin ng mga nais lumahok ang kanilang opisyal na website para sa mga adisyonal na tuntunin, pormularyo sa paglahok, template ng curriculum vitae, at iba pang katanungan. (*CLJD/JLDC-PIA 3*)

'BFF' HANGGANG KULUNGAN

IPINAKITA ng mag-best friend forever (BFF) na hanggang sa kulungan ay hindi maghiwalay matapos kapwa maaresto kasama ang dalawampung iba pa sa buy bust operation sa Gen Trias City, Cavite.

Kapwa nakakulong sa Gen Trias City Custodial Center sina Milagros Opeña, 39, ng Phase 3 Section 15 Block 11 Lot 5 Belvedere Subd., Brgy. Pasong Kawayan 2, General Trias City; at Nancy Ebrado, 23, Sec.17 B15 Lot 2 Belvedere Subd., Brgy. Pasong Kawayan 2, General Trias City dahil sa kasong paglabag sa RA 9165.

Sa ulat ni PSSGt Harry Culangan, ng Gen Trias City Police, dakong alas-3:30 ng hapon ay magkasamang nakipagtransaksiyon

ang dalawa sa isang poseur buyer sa Brgy Pasong Kawayan 2.

Pero nabutata ang dalawa dahil pulis pala ang kausap na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto at narekober sa pag-iingat nila ang anim na sachet ng shabu. Bukod sa mag-BFF ay may dalawampung tulak pa na binitbit ng Cavite Police sa isinagawang magdamagang buy bust operation sa magkakahiwalay na lugar.

Sa ulat ng Cavite Police Provincial Office (PPO), nanguna ang bayan ng Tanza sa may pinakamaraming tulak na inaresto na (7); kasunod ang Dasmariñas City na (6); habang (5) naman ang Gen Trias City, at tig-2 ang Bacoor City at Rosario o kabuuang 22.

GENE ADSUARA

2 'tulak' swak sa P136 shabu

TINATAYANG P136K halaga ng shabu ang nasamsam sa dalawang tulak sa isinagawang buy bust operation sa Gen Trias City, Cavite.

Kinilala ang mga naaresto na sina Misuary Borirao, 22, cell phone technician, ng Brgy Emmanuel 1 Damarinas City; at Cairod-ing Saripada, 23, tricycle driver, ng Brgy Datu Esmael, Dasmariñas City.

Sa ulat ni PSMSgt Robet Lacasa, ng Gen Trias City Police, dakong alas-4:30 Lunes ng hapon nagsaga-

wa ng buy bust operation ang mga operatiba ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) 4A at Gen Trias police sa Brgy San Francisco laban sa mga suspek na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Nakuha kay Borirao ang tinatayang 15 gramo ng shabu na may street value na P102,000 habang 5 gramo naman ang nasamsam kay Saripada na may street value na P34,000 o kabuuang P136,000. **GENE ADSUARA**




ANG nakalatag na police checkpoint sa Kawit, Cavite nitong Abril 5. Iba ang linya para sa two-wheels at four-wheels para sa beripikasyon ng pulisya.



SAKRIPISYO ang natatamo ng bawat motorista bago ganap na makakaalpas sa police checkpoint kagaya sa area ng Mabolo na naguugnay sa Kawit at Bacoor City nitong Abril 5.



SARADO sa lahat ng papasok na uri ng motorista ang bahaging ito sa Binakayan, Kawit, Cavite at iikot sa dating Island Cove para sa destinasyon. Kuha ito nitong Abril 5 matapos gawing pansamantalang one-way ang lugar.



BANTAY-sarado ang Baseco Beach kaya mahigpit ang seguridad papasok at palabas ng Baseco Compound sa Tondo, Manila na pinamumunuan ni LtCol. Robert Domingo, hepe ng Baseco Police Station-13, katuwang ang MPD-SWAT, upang makatiyak na walang makakapagatangang makakaligo na nasabing pampang. **(Christian Heramis)**



TIKLO sa isinagawang buy-bust operation ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng MPD Police Station-8 sa 2nd St., Port Area, Maynila ang dalawang umano'y tulak na sina Rafael Quindangen at Rodrigo Piñero, matapos mabilhan ng poseur buyer na sina PCPL Mark Alexander Quizon at PCPL Alvin Kenneth Torres ng tinatayang aabot sa 100-gramo ng hinihinalang shabu na nasa halagang P680,000.00. **(JEROME AMOROSO)**

HANEP

Basahin Mo Ito!

KALIBRE

ROMY SANTOS
0977-7844136



Ilagay sa 'lugar'

MATAGAL na ang curfew kahit wala pang pandemya dulot ng COVID-19.

Ipinatutupad ng lungsod o bayan ang batas ng kanilang curfew batay sa itinathadana ng ordinansa.

Lahat naman ng nangyari ay sinasabing dalawang bagay lamang.

Ibig sabihin ay may positibo at negatibo na tulad sa curfew ay may advantage at disadvantage.

Mga kabataan ang mas sumisigaw ng disadvantage dahil mistulang pagsikil sa karapatan at kalayaan nila ang curfew. Dahil sa curfew ay may limitasyon ang kabataan sa pakikisalamuha sa kanilang mga kaibigan.

Animo'y nabubulagan ang ilang kabataan at hindi nakikita ang tunay na advantage ng curfew.

Hindi alam ng kabataan na ang curfew ay para sa kanilang kabutihan at kailigtasan.

Mayroon kasing nabugnot at naghahanap ng presensiya ng mga kaibigan kaya ninanais lumabas ng bahay sa gabi.

Na kung minsan ay inaabot ng dis-oras o hanggang madaling-araw sa labas kasama ng barkada.

Kaya ang mga nanungkulan sa local level ay nagpursigi ng curfew dahil ang iba't ibang krimen ay kadalasang sumulpot at nangyari sa gabi o sa alanganing oras.

Ayaw ng mga alkalde, barangay at kapulisan na mayroong masamang mangyayari sa mga kabataan sa gabi kaya curfew ang naisip na solusyon.

Kung tutuusin sa bawat tahanan ay may 'batas' ng curfew na ipinatutupad ang magulang.

Higit ang mga magulang na ayaw na may masamang mangyayari sa kanilang mga anak pagkagat ng dilim.

Mahigpit na bilin at utos ni nanay lalo na ni tatay na dapat sa ganitong oras ay kailangang nasa loob na ng bahay ang anak o mga anak partikular ang mga menor de edad.

Noon ay hindi mai-kakaila na ang ganitong patakaran ay sadyang nasusunod ng mga kabataan pero sa ngayon ay malabo na.

Hindi na nga natatakot sa curfew ng LGU, eh paano pa kaya susunod sa curfew ng magulang? Dapat sa pamamagitan ng curfew ay mapagtanto ng anak o kabataan ang pagiging masunurin sa magulang tanda ng respeto at pagmamahal.

Para naman sa mga nagpapatupad ng curfew, pulis at barangay o iba pang sangay, dapat ay sa tama po lamang at naaayos sa batas.

Tamang higitan ang pagpapatupad subalit ilagay lamang sa 'lugar.'

Lalo ngayon na hindi lamang curfew ang binabantayan sa halip mag-ing ang mga paglabag sa health protocols.

Baka naman sa sobrang 'OA' o hindi makatwiran at makataong pamamaraan ng pagpapatupad nito ay maging daan ng kapalpakan.

Magsisi man pero wala na at huli na subalit mas mahirap kalaban ang konsensiya.

'Yan ay kung mayroon ka!